**Pamagat**: Ang Diyos na Hindi Maaring Magsinungaling

**Texto**: Titus 1:2 "In hope of eternal life, which God, that cannot lie, promised before the world began;"
*Pagsasalin*: Sa pagasa sa buhay na walang hanggan, na ipinangako ng Dios na di makapagsisinungaling buhat pa ng mga panahong walang hanggan; (Tito 1:2)

**Panimula**:

1. Ang sulat ni Paulo kay Titus ay para alam ni Titus ang layunin niya kung bakit siya ay iniwan sa isla o pulo ng Crete ("Krit").
2. Bibigyan natin pansin ang isang mahalagang bahagi ng pagkakakilala, at ito ay patungkol sa Diyos, at matatagpuan sa ikalwang versiculo. "Diyos na hindi makapag-sisinungaling" o "Diyos na hindi maaring magsinungaling."

**I. Sa Mundong ito ang Katotohanan ay Nahulog sa Lansangan (Isa. 59:14 truth is fallen in the street); at ang Katotohanan ay Nabibigo (truth faileth, Isa. 59:15)**.

A. Palaging hinahanap ng tao ang mga bagay na maaasahan. Nagtitiwala tayo sa mga bagay, mga tao, mga pangyayari, mga materiyales, sa mundong ito at inaasahan natin na hindi tayo mabibigo ng mga ito. Ngunit napakalungkot na matuklasan na halos ang kabuuan ng mundong ito ay isang dakilang pagkabigo! At hindi lamang isa, kundi ang pagkabigo ng mundo ay na sa ilang libo, o di kaya'y ilang million!

B. Ang mundong ito ay puno ng kasinungalingan. Pati na rin sa ating sariling kalooban ay may kasinungalingan rin. Kung hindi sinasadya ang pagsisinungaling meroon namang mga maling ideya, hindi pagkakaunawaan, nakaliligaw na pagiisip, mga kakulangan sa ating kaalaman at pang-unawa. Minsan sasabihin natin "ganito ang ating gagawin" pagkatopos hindi natin ma-kontrol ang mga pangyayari at hindi natin matupad ang mga sinabi natin. At sa ganitong paraan tayo ay nagiging sinungaling o binabali nating ang ating salita.

C. Paminsan puno ang tao ng mga excuses na walang katotohanan. Ang daming mga pangako na hindi naman nilayon upang panatilihin or maisagawa. Mga pagpapalabis (exaggerations). Mga sinasabi na mayroon naming maliit na elemento ng katotohanan ngunit kapag ito ay ganap na lumaki ito ay mapagkunwari lamang at kasinungalingan. Paninirang-puri, at Tsismis.

D. May mga kasinungalingan upang makamit ng tao ang gusto niya, pandaraya, impostor, para lamang manalo sa mga argumento, paminsan upang itago ang pagkakasala.

E. Halos lahat ng sektor ng buhay ay apektado ng kasinungalingan: gobyerno, trabaho, kalusugan. Noong bumagsak ang tao kay Adam, doon rin bumaksak ang integridad ng sankatauhan. Kaya ikaw ay nagsinungaling sa iyong sarili, may nagsinungaling sa iyo, at ikaw ay pinagsisinungaling laban sa iyo. May pang aabuso ng tiwala, pagkakanulo (betrayal), mga kabulaanan (untruths). Lahat na ito ay mapangwasak, masakit, at nakakapinsala. Sa likod na maraming hinanakit ay kasinungalingan.

**II. Ang Diyos ay Diyos ng Katotohanan**:

A. Deut. 32:4 – a God of truth; Ps. 57:10 (hanggang sa mga ulap); 86:15 (sagana sa katotohanan).

B. Makikita natin ang katotohanan ng Diyos sa:

B.1. Prophesiya – Malapit, Gitna, at Malayong kataga. (ganap ang mga detalye).

B.2. Archeology (Arkeolohiya) – kinukumpirma ang rekord ng Biblia.

C. Ang Kanyang salita ay ang tanging record sa mundong ito na tumpak na explinasyon ng buhay at ng tao (ang kaniyang pinanggalingan, pagiisip, ugali, at landas).

D. Halika, sabihin mo sa Diyos ang iyong pinakamasamang kalagayan. Ikumpisal mo sa Kanya ang iyong pagkakasala, at pagiging makasalanang tao. Sabihin mo ang sa Kanya ang pinaka itim na kasinungalingan at pagkakasala mo para alam mo na wala sa iyong sariling pagkatao ang kahit na isang dahilan kung bakit nararapat na tanggapin ka ng Diyos. Kailangan mo ang Kanyang mapagpatawad na pagmamahal.

E. Kailangan mo ng kapatawaran hindi lamang sa iyong mga gawa, kundi pati narin sa iyong sariling kakanyahan.

F. Kapag ikaw ay magtiwala kay Cristo. Magsisi at sumampalataya sa Kanya, hindi ka niya itataboy sa pagkat ito ay Kanyang pangako (Jn. 6:35, 37) at siya ay Diyos na hindi nagsisinumgaling.